AHA! LEARNING CENTER'S

ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

# BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL

## Lesson 15

| **Pambungad** |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa* ***"COVID-19 Team na naglilinis ng bahay".*** *Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

| **Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 15** |
| --- |
| Source: Department of Health |

**I.PAGBATI**

Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻‍🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. 🦠❓

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**

Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa liham ni Carlito ng Cebu City.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, totoo po bang may COVID-19 Team daw po na pumupunta sa bawat barangay para maglinis ng bahay?

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**

Hi, Carlito!

Salamat sa pagtatanong. 🤗

--

COVID-19 Team? Bago yan a! 🤔

Sa ngayon, sabi ng Department of Health ⚕️ ay walang COVID-19 Team na inutasan ang nasyonal na gobyerno upang maglinis ng mga bahay. 💨🏠

Pero, kung ang inyong Mayor o Kapitan ay nagsabi sa kanilang mga tanod o healthcare worker upang magdisinfect sa inyong lugar, ay maaaring meron nga. 💨🏠

Pero syempre, siguraduhin natin na may ugnayan 👥 sa ating lokal na pamahalaan tulad ng barangay o munisipyo, ang mga naglilinis ng ating pamayanan. Paano ito malalaman? 🤔 Tingnan ang Facebook Page o Facebook Account ng mga lokal na pinuno tulad ni Kapitan at Mayor. Hanapin ang impormasyon tungkol sa nagdidisinfect ng inyong pamayanan. 💨🏠

**IV.✊ HAMON**

Kaunting paalala tandaan natin ang N.C.O.V. bago natin ipamahagi ang ating mga nababasa 📖 o napapanood 📺 sa ating social media accounts. 😉

N-ever share an unverified news article. (Huwag tayong mamahagi ng hindi naman sinuring artikulo.) ❌📄

C-heck your sources. 🧐 (Tingnan kung lehitimo ba ang pinagmulan ng artikulo.) 😉

O-nly source information about COVID-19 on DOH official channels. ⚕️🌐 (Kung gusto makakalap ng impormasyon, tingnan ang social media accounts ng Department of Health. ⚕️🌐)

V-erify news information at:
(Iberipika ang nabasang teksto sa:) 🧐🌐

www.doh.gov.ph/2019-nCoV

Paalala lamang, mainam pa rin kung ang ating mga pamilya ang naglilinis ng loob ng ating bahay. 👨👩👧👦🧹🧽🧼🏠

Simulan natin sa pagpupunas ng mga bagay na madalas nating hawakan tulad ng doorknob 🚪, susi 🗝️, cellphone 📱, hawakan ng aparador 🗄️, toilet flushes 🚽, gripo 🚰, at iba pa gamit ang malinis na basahan na may bleach - zonrox. 🧽🧼🧴

Labhan ang mga kobrekama, kumot, damit, kurtina, at iba pa kung marumi na ang mga ito gamit ang tubig, sabong panlaba, at bleach. 👕👔💧🧼🧴 (Baka may nakakapit na germs, bacteria, at viruses dito, mabuti nang paalisin natin sila. ❌🦠)

**V.💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Tama o Mali. May COVID-19 Team na pumupunta sa bawat barangay para maglinis ng bahay.
🔎 Tama o Mali. Kahit walang utos ang Kapitan o Mayor ay may magdi-disinfect ng inyong bahay.
🔎 Papaano malalaman kung totoong sinabihan ang mga naglilinis ng bahay ng inyong barangay?
🔎 Ano ang gagamiting pamunas ng mga gamit?

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻🏫

Magkita-kita tayo ulit bukas para sa "Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?" 👧🏻👦🏻❓

Maraming Salamat sa pakiki-isa! 🤗
-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."